PANG-EMERHENSIYANG BABALA SA MOBILE

Kung ang iyong buhay, kalusugan o propyedad ay nasa panganib, ang mga Emergency Mobile Alert ay maipapadala sa iyong mobile nang hindii mo na kailangan pang mag-sign up o mag-download ng app.

Bumisita sa civildefence.govt.nz upang tingnan kung ang iyong telepono ay kabagay.

EMERGENCY MOBILE ALERT !

TAGALOG/FILIPINO

Kung ang iyong buhay, kalusugan o propyedad ay lubhang nasa panganib, may maipapadalang Emergency Mobile Alert sa iyong mobile phone.

Ang mga babala ay ipadadala gamit ang teknolohiyang pambrodkast sa mobile phone, kaya hindi kailangang mag-sign up o mag-download ng app. Ang mga ito ay maitatarget din sa mga apektadong lugar, kaya makukuha mo lamang ito kung ang emerhensiya ay nasa inyong lugar.

Ang mga mensahe ng Emergency Mobile Alert ay maipapadala lamang ng Ministro ng Civil Defence & Emergency Management, Civil Defence Emergency Groups, NZ Police, Fire and Emergency New Zealand, Ministro ng Kalusugan at Ministro para sa mga Pangunahing Industriya.

Kung bukas ang iyong telepono, kayang tumanggap ng mga ito at nasa loob ng tinarget na lugar, matatanggap mo ang mga babala. Maaari mong alamin kung ang iyong telepono ay makatatanggap ng mga babala sa civildefence.govt.nz.

Ang mga mensahe ng Emergency Mobile Alert ay hindi papalit sa ibang emerhensiyang babala. Ang mga ito ay mga karagdagang paraan ng pagbabala sa iyo, kasama ng iba pang paraan. Kumilos kaagad. Hindi lahat ng telepono ay kayang tumanggap ng mga babala, kaya kung nakatanggap ka ng babala, sabihin ito sa iba. Kung sa palagay mo ay nasa panganib ang iyong buhay, huwag maghintay ng opisyal na babala.

Paano gumagana ang Emergency Mobile Alert?

Ang mga Emergency Mobile Alert ay gumagamit ng isang nakalaang senyal, kaya sila ay mas maaasahan sa isang emerhensiya sakaling ang trapik sa mobile phone at internet ay mag-overload sa network.

Hindi mahalaga kahit aling network ang ginagamit mo. Alinmang may kakayahang telepono na pumapasok sa lugar sa panahon ng pagbrodkast ay tatanggap ng babala.

Maaari ko bang piliing hindi tumanggap ng Emergency Mobile Alert?

Dahil ang Emergency Mobile Alert ay tungkol sa pagpapanatili ng iyong kaligtasan, hindi mo makakansela ang pagtanggap ng mga Emergency Mobile Alert. Ang iyong telepono ay maaaring magpakita ng mga opsyonal na setting na gamit sa ibang bansa, ngunit sa New Zealand, tayo ay gagamit ng natatanging broadcast channel na permanenteng nakabukas.

Ano ang dapat kong gawin kung nakatanggap ako ng isang Emergency Mobile Alert?

Ihinto ang iyong ginagawa at sundin ang mga tagubilin.

Ang mga mensahe ng Emergency Mobile Alert ay ipapadala lamang ng mga awtorisadong pang-emerhensiyang ahensya, at kung may malubhang panganib lamang sa buhay, kalusugan o propyedad (at isa o dalawang pagsubok bawat taon), kaya kung makatanggap ka ng babala, tratuhin ito nang seryoso at gawin ang sasabihin nito.

Ang Emergency Mobile Alert ay hindi papalit sa ibang mga channel.

Ang Emergency Mobile Alert ay isa pang channel na ginagamit upang panatilihin kang ligtas kung may emerhensiya. Ang iba pang channel, gaya ng radyo, TV, mga website at social media ay gagamitin pa rin. Ang mga babala ay hindi papalit sa iba pang pambabalang sistema, o sa pangangailangang kumilos kasunod ng mga likas na babala.

Ikaw ay dapat ring maging handa para sa isang emerhensiya, at hindi mo dapat hintaying tumanggap ng babala bago ka kumilos. Kung sa palagay mo ay nasa panganib ang iyong buhay, huwag maghintay ng opisyal na babala. Kumilos kaagad.

Maglaan ng oras upang gumawa ng sariling pang-emerhensiyang plano na kabibilangan ng kung ano ang gagawin, saan pupunta, sino ang makatutulong sa iyo at sino ang maaaring mangailangan ng iyong tulong. Ikaw ay makagagawa ng plano online sa happens.nz.

Alamin ang higit pa tungkol sa mga Emergency Mobile Alert sa civildefence.govt.nz.